| MaTaTaG *Kindergarten* Lingguhang Aralin | Paaralan: | Visit DepEdResources.com for More | | Petsa: | |
|---|---|---|---|---|---|
| | Pangalan ng Guro: | | | Lingguhang Bilang | 5 |
| | Pangkat: | | | Markahan | 1 |
| | Tema: | Knowing Who We Are and Our Families | | | |

| | |
|---|---|
| **A. Pamantayang Pangnilalaman** | The learners demonstrate understanding of attitude, emotions, similarities and differences of oneself and others including the concept of family, and of importance of physical health, safety, and appropriate movement concepts. |
| **B. Pamantayan sa Pagganap** | The learners manage emotions, make decisions, recognize similarities and differences of people, and express oneself based on personal experiences; participate actively in various physical activities; use hands in creating models; perform coordinated body movements; and take care of one's physical health and safety. |
| **C. Mga Kasanayang Pampagkatuto** | • Identify the body parts and their functions<br>• Practice ways of caring for and protecting one's body<br>• Demonstrate locomotor and non-locomotor movements<br>• Express oneself through music, arts, and movements<br>• Create artworks using local and available materials<br>• Narrate one's personal experiences<br>• Describe objects based on attributes (shapes, sizes, uses, etc.) using senses and body parts<br>• Match numerals to a set of concrete objects around me<br>• Use non-standard measuring tools |
| **D. Mga Layunin (Mensahe)** | • Nalalaman ng bata na siya ay may katawan at ang katawan ay may iba't ibang bahagi<br>• Nauunawaan ang gamit at kahalagahan ng bawat bahagi ng katawan<br>• Naipakikita ang iba't ibang kilos o galaw gamit ang mga bahagi ng katawan<br>• Naisasagawa ang tamang pangangalaga sa katawan. |
| **E. Nilalaman/Paksa** | Tayo ay may katawan. |

**Tala sa Guro:** Pinagsikapang maging masusi sa pagpili ng mga kalidad na kuwento na aakma sa tema (theme), sub-theme, kasanayang pampagkatuto, at pagpapahalaga (values) na nais ituro sa bata sa linggong ito. Kung sakaling hindi magagamit ang mga iminungkahing kuwento, tiyakin na ang kuwentong ipapalit ay naaayon sa mga kaalamang tinutukoy para sa linggong ito.

| **BLOCKS OF TIME** | **LUNES** | **MARTES** | **MIYERKULES** | **HUWEBES** | **BIYERNES** |
|---|---|---|---|---|---|
| **Arrival Time**<br>(10 minuto) | Batiin ang mga bata sa kanilang pagdating. Kapag may lugar sa labas ng silid-aralan upang pumila ang mga bata nang hindi maaarawan o mauulanan, papilahin sila habang pumapasok sa silid-aralan.<br>Sabihin sa mga bata na ibaba ang kanilang mga gamit at maghanda na sa pag-umpisa ng klase.<br>Matapos ang sampung (10) minuto, kantahin ang 'Isa, Dalawa, Tatlo' o iba pang kanta na maaring gamitin upang umupo ang mga bata at maging handa na para sa Meeting Time.<br>*(Sumangguni sa Teacher's Guide partikular ang Intentional Teaching for Routine Activities upang makita ang iba't ibang konsepto at baryasyon ng paggawa nito.)* | | | | |
| **Meeting Time**<br>(15 minuto) | **Pambansang Awit**<br>**Panalangin** (Maaaring gawin kasama ang ibang baitang o mismo sa kanilang silid-aralan.)<br>**Ehersisyo**<br>**Kumustahan** n (Kumustahin ang mga bata, magtanong din tungkol sa balita sa telebisyon o radyo na napanood o napakinggan nila, *current events)*<br>**Balitaan**<br>Ating alamin ang petsa, araw, buwan ngayon gamit ang ating kalendaryo.<br>Kahapon ay (e.g., Linggo)<br>Ngayon ay __________<br>Bukas ay __________<br>Ang petsa ngayon ay ika _______ ng _______ taong _____.<br><br>Kumusta naman ang panahon natin ngayon? (maulan, maaraw, maulap, mahangin)<br><br>Tingnan ang iyong mga kaklase, bilangin natin ang mga babae. (Patayuin ang bawat batang mabibilang. Muling gawin ito sa mga lalaki). Ilan ang mga lalaki? Kung ganun, ilan lahat ang mga babae at lalaki?<br>Bilangin natin.<br><br>*(Sumangguni sa Teacher's Guide partikular ang Intentional Teaching for Routine Activities upang makita ang iba't ibang konsepto at baryasyon ng pagtuturo nito.)* | | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **Mga Mensahe** | Ang aking katawan ay may iba't ibang bahagi. Ang iba ay nakikita ko at ang iba naman ay nasa loob ng katawan.<br><br>Bawat bahagi ng katawan ay may mahalagang gamit. | Sa paglaki ko, lumalaki/humahaba rin ang ibang bahagi ng aking katawan.<br>Sa paglaki ko, ako ay tumatangkad at bumibigat.<br><br>Sa paglaki ko, dumadami ang aking mga kakayahan o kayang gawin. | Naigagalaw ko ang aking katawan sa iba't ibang paraan.<br><br>Marami akong nagagawa sa pamamagitan ng aking mga kamay at mga paa. | Kaya kong alagaan ang aking katawan.<br>Kaya kong…<br>● maghugas ng kamay<br>● maggupit/magpagupit ng kuko<br>● magsepilyo<br>● magsuklay ng buhok<br>● maligo<br>● magpalit ng damit<br>● kumain ng tamang pagkain<br>● mag-ehersisyo<br>● matulog sa tamang oras/ magpahinga<br>● magsuot ng sapatos/ sapin sa paa<br>● magsabi kung mayroon akong masamang pakiramdam (sintomas ng anumang karamdaman o sakit); masamang karanasan (halimbawa: nakalmot o nakagat ng aso, pusa; nauntog, nahulog, nakaranas ng *unsafe touch* o paghawak sa maselang bahagi ng katawan<br>abtp.) |
| **Mga Katanungan** | Nasaan ang iyong ulo? kamay? paa? (magtanong pa ng iba't ibang bahagi ng katawan at ipaturo ito.) Ano ang pangalan ng bahagi ng katawan na ito? (ituro ang iba pang bahagi ng katawan na hindi pangkaraniwang alam ng bata halimbawa: siko,<br>batok, dibdib, noo, hita, braso, atbp.) | Anong bahagi ng katawan mo ang lumalaki o humahaba sa iyong paglaki? (halimbawa: braso, binti, buhok)<br><br>Paano natin malalaman na tayo ay lumalaki?<br><br>Anong mga gawain ang kaya mo nang gawin ngayon na hindi mo kayang<br>gawin noong sanggol ka pa lamang? | Anong bahagi ng iyong katawan ang ginagamit sa pagbubuhat ng gamit? sa paglalakad?<br><br>Ano pa ang ibang gamit ng iyong kamay? paa?<br><br>Ano ang mangyayari kung wala ang ibang bahagi ng iyong katawan?<br><br>Paano natin matutulungan ang | Ano ang ginagawa mo para maging malinis ang/sa iyong katawan?<br><br>Ano ang ginagamit mong panlinis ng iyong katawan, buhok, kuko?<br><br>Bakit mahalagang maghugas ng kamay?<br><br>Paano mo mapapanatiling malinis ang iyong mga ngipin?<br><br>Ano ang dapat gawin upang lumakas ang iyong katawan?<br><br>Bakit mahalaga sa katawan ang pag-eehersisyo? Anong oras ka dapat natutulog? |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | May alam ba kayong bahagi ng katawan na hindi nakikita dahil nasa loob ito ng katawan? (halimbawa: puso, baga, tiyan, buto) Para saan ang ating ulo? kamay? paa? (iba pang bahagi ng katawan)?<br>Para saan ang ating puso? baga? tiyan? (iba pang bahagi ng katawan)? | | ibang mga tao na may kakulangan sa bahagi ng kanilang katawan?<br><br>Paano natin matutulungan ang ibang mga tao na may kakulangan sa kakayahan ng kanilang katawan? | Bakit mahalagang matulog nang sapat sa oras?<br><br>Paano mapapanatiling malinis ang iyong mga paa?<br>Ano ang nararapat gawin kung masama ang iyong pakiramdam o may nararamdamang sakit sa katawan?<br>Ano ang nararapat gawin kung may nangyari sa iyong aksidente o masamang karanasan (halimbawa: nakalmot o nakagat ng aso, pusa; nauntog, nahulog, nakaranas ng *unsafe touch* o paghawak sa maselang bahagi ng katawan abtp.)? | |
| **Work Period 1**<br>(45 minuto) | Awitin natin ang 'Kaibigang Libro'. | | | | |
| | **Kuwento** *Si Hinlalaki* (Akda ni Virgilio S. Almario\| Guhit ni Hubert B. Fucio, Adarna House, Inc.) Ipaliwanag ang mga mahirap na salita na nasa kuwento.<br>● sumping<br>● pustoryoso<br>● punggok<br>● silbi<br>**Pagganyak**<br>Ano ang kayang gawin ng iyong kamay/mga daliri? | **Kuwento** *Damgo ni Mat* (Mat's Dream) (Akda ni May-Ann Grace Samputon\| Guhit ni Jericho Moral, USAID Basa Pilipinas Activity and DepEd)<br>Ipaliwanag ang mga mahirap na salita/ konsepto na maaaring gamitin sa pagkukuwento gamit ang *wordless picture book* na ito.<br>**Pagganyak** Ano anong mga gawaing-bahay | **Kuwento** *Ang Madyik Silya ni Titoy* (Akda ni Russell Molina\|Guhit ni Marcus Nada, Adarna House, Inc.) Ipaliwanag ang mga mahirap na salita<br>na nasa kuwento.<br>● plasa<br>● madyik<br>● concert<br>● rock and roll<br>● paroo't parito<br>**Pagganyak** Mahilig ba kayong mamasyal? Paano<br>kayo nagpunta dito? | **Kuwento** *Ang Prinsipeng Ayaw Maligo* (Akda ni Rene O. Villanueva<br>\| Guhit ni Kibby Bongco,<br>Aklat Batibot)<br><br>Ipaliwanag ang mga mahirap na salita na nasa kuwento.<br>● dahilan<br>● makaiwas<br>● kabayo-kabayuhan<br><br>**Pagganyak**<br>Naliligo ka ba araw araw? | **Kuwento** *But That Won't Make Me Sleep* (Akda ni Annie Pacaña- Lumbao, Anelka<br>Lumbao \| Guhit ni Liza Flores, Adarna House, Inc.)<br><br>Ipaliwanag ang mga mahirap na salita na nasa kuwento.<br>● tala<br>● pampahimbing<br>● diwata<br>● hagikgik<br>**Pagganyak**<br>Anong oras ka natutulog sa gabi? |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | **Pangganyak na Tanong** Mayroon nga bang silbi ang daliring hinlalaki? | ang kaya mong gawin? **Pangganyak na Tanong** Tumutulong ba sa gawaing-bahay si Mat? | **Pangganyak na Tanong** Ano kaya ang sasakyan ng magkaibigang mahilig mamasyal sa ating kuwento? | **Pangganyak na Tanong** Ano ang nangyari kay Prinsipe Tsikiting na ayaw maligo? | **Pangganyak na Tanong** Bakit hindi makatulog si Maya? |
| **Teacher-Supervised Activity** | **Talakayan** Balikan ang mga detalye ng kuwento. Tanungin ang mga bata tungkol sa mga binanggit na katangian o kakayahan ng bawat daliri. Nalutas ba ang problema ng pangunahing tauhan sa kuwento? Paano ito nalutas? Sa iyong palagay, bakit kaya ito isinulat ng may- akda? **Gawain** Balangkas ng Katawan Ko (Sumangguni sa Apendiks para sa panuto.) | **Talakayan** Isa-isang ipakita ang mga larawan sa aklat at hikayatin ang mga bata na magkuwento tungkol dito. Ano ang paborito mong bahagi ng kuwento? Bakit? Gusto mo bang tapusin ang kuwento sa ibang paraan? **Gawain** Ilang Hakbang (Sumangguni sa Apendiks para sa panuto.) **Tula** Mag-Ehersisyo Tayo (Sumangguni sa Apendiks.) | **Talakayan** Balikan ang mga detalye ng kuwento. Hayaan ang mga bata na ilarawan ang pangunahing tauhan sa kuwento na si Titoy. Sino ang paborito mong tauhan/karakter? Ano ang nagustuhan mo sa kaniya? Sa iyong palagay, bakit kaya ito isinulat ng may-akda? **Gawain** Measuring My Body (Sumangguni sa Apendiks para sa panuto.) **Awit** Ikot Ikot (Sumangguni sa Apendiks.) | **Talakayan** Balikan ang mga detalye ng kuwento. Hikayatin ang mga bata na ikuwento muli ito sa kanilang sariling mga salita. Gusto mo bang tapusin ang kuwento sa ibang paraan? Ano ang pinakamahalagang bagay ang natutunan mo sa aklat? **Gawain** Proper Handwashing (Sumangguni sa Apendiks para sa panuto.) **Awit** Sampung Mga Daliri (Sumangguni sa Apendiks.) | **Talakayan** Pag-usapan ang sanhi at bunga ng mga pangyayari sa kwento. Nalutas ba ang problema ng pangunahing tauhan sa kuwento? Paano ito nalutas? Sa iyong palagay, bakit kaya ito isinulat ng may-akda? **Gawain** Hygiene Checklist (Health Check) (Sumangguni sa Apendiks para sa panuto.) **Awit** This is the Way (Sumangguni sa Apendiks.) |

<table>
<tr>
<td>Supervised Recess<br>(15 minuto)</td>
<td colspan="5">Mga bata sampung (10) minuto na lang ang natitira. Pumalakpak tayo ng limang beses para sa natapos nating mga gawain.<br>Sabay, sabay, 1, 2, 3, 4, 5. (Puwede hanggang 10 o 20 kung kailangan.)<br>Tawagin natin si , ang ating tagapanalangin o prayer leader (ayon sa Job Chart). Magpasalamat o magdasal tayo para sa natapos nating gawain at sa ating snaks.<br>Tayo ay pumila para sa paghuhugas ng ating mga kamay. Pagkahugas ng kamay, kakain na ng mga bata ang kanilang baon.<br>Kapag kumakain na ang mga bata, maaaring sabihin ng guro: Puwede rin kayong magbahagi ng pagkain sa inyong mga kaklase. Ano ang lasa o kulay o hugis ng iyong pagkain? Sino ang nakaupo sa harap mo? Sa kaliwa? Sa kanan? At iba pa. Pagkatapos kumain, maghuhugas muli ng mga kamay at magsesepilyo. Mahalaga na palaging malinis ang ating mga kamay at mga ngipin para maiwasan ang pagkakaroon ng sakit.<br>Maaari ding magpalit ng damit kung kinakailangan.<br>Magpahinga na ang tapos.</td>
</tr>
<tr>
<td rowspan="2">Quiet / Nap Time<br>(10 minuto)</td>
<td colspan="5">Iparinig o kantahin ang awiting, ‘Ang Munting Bituin’ o iba pang uyayi (lullaby) habang nagpapahinga ang mga bata.</td>
</tr>
<tr>
<td colspan="5">Tapos na ang sampung minuto, muli maghahanda tayo sa iba pang mga masasayang gawain. Kakantahin nating muli ang ‘Masaya kung Sama-Sama’. (Sumangguni sa Apendiks para sa kopya ng awitin)</td>
</tr>
<tr>
<td>Work Period 2<br>(40 minuto</td>
<td colspan="5">Awit: Hokey Pokey/ Kanang Kamay Paa, Tuhod, Balikat, Ulo/ Head, Shoulders, Knees, and Toes Maaaring pumili lamang ng isang awit kada araw.</td>
</tr>
<tr>
<td rowspan="2">Pag-aaral ng mga Katangian</td>
<td colspan="5">Tala sa Guro: Maghanda ng limang magkakaibang bagay na maaring ilarawan ng mga bata, isang bagay para sa bawat araw. Halimbawa: bag, water bottle/tumbler, pencil, notebook, pencil case. Maaari ding gumamit ng iba pang bagay na karaniwan sa mga bata sa inyong paaralan o lugar.<br>Siguraduhin na ang bawat pangkat ay magkakaroon ng pagkakataon na maglarawan ng ibang bagay sa bawat araw. Bigyan ng pagkakataon ang mga bata na gamitin ang kanilang mga pandama upang mailarawan ang bagay. Maaaring magbigay ng mga gabay na tanong upang matulungan ang mga bata mag-isip at maglarawan ng kanilang mga napapansin sa mga bagay.</td>
</tr>
<tr>
<td>Papuntahin sa harapan ang isang kinatawan sa bawat pangkat, kung saan siya ay makikita ng kanyang mga kaklase.</td>
<td>Papuntahin sa harapan ang isang kinatawan sa bawat pangkat, kung saan siya ay makikita ng kanyang mga kaklase.</td>
<td>Papuntahin sa harapan ang isang kinatawan sa bawat pangkat, kung saan siya ay makikita ng kanyang mga kaklase.</td>
<td>Papuntahin sa harapan ang isang kinatawan sa bawat pangkat, kung saan siya ay makikita ng kanyang mga kaklase.</td>
<td>Papuntahin sa harapan ang isang kinatawan sa bawat pangkat, kung saan siya ay makikita ng kanyang mga kaklase.</td>
</tr>
</table>

<table>
<tr>
<td></td>
<td>Paglalarawan ng Isang Bagay:<br>Ano ang masasabi mo sa<br>________________?<br>(halimbawa: bag)<br><br>Paghahambing ng Dalawang Bagay:<br>(2 bag na magkaiba)<br><br>Ano ang nakikita mong pareho sa kanila?<br>Ano ang nakikita mong magkaiba sa kanila?<br>Alin ang mas<br>__________________________<br>(malaki/maliit, mabigat/magaan, atbp.)?<br>Bakit mo nasabi?</td>
<td>Paglalarawan ng Isang Bagay:<br>Ano ang masasabi mo sa<br>________________?<br>(halimbawa: water bottle o tumbler)<br>Paghahambing ng Dalawang Bagay:<br>(2 water bottle/tumbler na magkaiba)<br><br>Ano ang nakikita mong pareho sa kanila?<br>Ano ang nakikita mong magkaiba sa kanila?<br>Alin ang mas<br>__________________________<br>(malaki/maliit, mabigat/magaan, atbp.)?<br>Bakit mo nasabi?</td>
<td>Paglalarawan ng Isang Bagay:<br>Ano ang masasabi mo sa<br>________________?<br>(halimbawa: pencil)<br><br>Paghahambing ng Dalawang Bagay:<br>(2 pencil na magkaiba)<br><br>Ano ang nakikita mong pareho sa kanila?<br>Ano ang nakikita mong magkaiba sa kanila?<br>Alin ang mas<br>__________________________<br>(mahaba/maikli, matalas/mapurol, atbp.)?<br>Bakit mo nasabi?</td>
<td>Paglalarawan ng Isang Bagay:<br>Ano ang masasabi mo sa<br>________________?<br>(halimbawa: notebook)<br><br>Paghahambing ng Dalawang Bagay: (2 notebook na magkaiba)<br><br>Ano ang nakikita mong pareho sa kanila?<br>Ano ang nakikita mong magkaiba sa kanila?<br>Alin ang mas<br>__________________________<br>(malaki/maliit, mabigat/magaan, atbp.)?<br>Bakit mo nasabi?</td>
<td>Paglalarawan ng Isang Bagay:<br>Ano ang masasabi mo sa<br>________________?<br>(halimbawa: pencil case)<br>Paghahambing ng Dalawang Bagay: (2 pencil case na magkaiba)<br><br>Ano ang nakikita mong pareho sa kanila?<br>Ano ang nakikita mong magkaiba sa kanila?<br>Alin ang mas<br>__________________________<br>(malaki/maliit, mabigat/magaan, atbp.)?<br>Bakit mo nasabi?</td>
</tr>
<tr>
<td>Mga Gawain sa Grupo</td>
<td colspan="5">May mga inihandang gawain sa bawat grupo na maaaring ipagawa kapag natapos na ang mga bata sa mga gawain para sa araw.<br>Maaaring ang lider ng bawat grupo ang kukuha ng mga gamit na nasa mesa. Lalapit ang guro sa bawat grupo para ipaliwanag kung ano at paano ito gagawin.<br>Early Language, Literacy, and Numeracy Activities: Iba pang mga Gawain:<br>● Feely Box<br>● Playdough: My Body<br>● My Sleep Journal<br>● Comparison Chart: Look at Me<br>● Body Cover All<br>● Body Parts Puzzle<br>● Hygiene Sequence<br>● Counting Fingers</td>
</tr>
</table>

<table>
<tr><td rowspan="3">Indoor/ Outdoor Play<br>(35 minuto)</td><td colspan="5">Bibilang ako ng isa hanggang sampu para tapusin na ang iyong ginagawa at ibalik sa tamang lagayan ang mga ginamit (Bagalan ang pagbilang upang may sapat na oras tapusin at iligpit ng mga bata ang mga ginamit.)<br>Kung kulang pa… Uulitin ko ang pagbilang ng isa hanggang sampu. Dapat malinis at maayos na ang lahat.<br>Handa na ba kayong maglaro? (Kung ang gawain ay sa labas ng silid-aralan, sumangguni sa Apendiks sa pamamaraan ng pagpapapila ng mga bata.)</td></tr>
<tr><td>Ilong, Ilong, Ilong</td><td>Ankle Walk</td><td>Simon Says</td><td>Mga Larong Pilipino</td><td>Mga Larong Pilipino</td></tr>
<tr><td colspan="5">Pagkatapos ng sampung (10) minuto ibabalik na natin ang mga ginamit natin sa paglalaro at uupo na tayo upang magpaalam. (Kapag tapos na ang sampung minuto) Iligpit na natin ang mga ginamit natin at umupo na tayo.<br>Maaari ding kantahin ang ‘Isa, Dalawa, Tatlo’ (Sumangguni sa Apendiks para sa kopya ng awitin).</td></tr>
<tr><td rowspan="2">Wrap-Up Time & Dismissal<br>(10 minuto)</td><td colspan="5">Marami tayong ginawa ngayong araw. Magbabanggit ako ng ilan at itaas ang kamay kung ano ang pinaka-nagustuhan mo.<br>Awitin natin ang kantang ‘Paalam’. Maghahanda na ang lahat para sa pag-uwi.</td></tr>
<tr><td>Magbigay ng pangalan ng bahagi ng iyong katawan. Sabihin ang gamit ng bahaging ito.</td><td>Magbigay ng halimbawa ng iyong kakayahan na kaya mo nang gawin bilang isang batang Kinder.</td><td>Magpakita ng isang kilos na kaya mong gawin gamit ang bahagi ng iyong katawan.</td><td colspan="2">Magbigay ng paraan o gawain ng pangangalaga sa iyong katawan.</td></tr>
<tr><td colspan="6">Dismissal Routine: Mag-ingat sa pagtawid sa kalye. Tumingin sa kaliwa, kanan, at kaliwa muli bago tumawid. (Paalalahanan ang mga bata kung may meeting ang mga magulang o di kaya kung may sulat para sa kanila.)</td></tr>
</table>

| LINGGUHANG PAGNINILAY NG GURO | |
|---|---|
| **Mga Tanong sa Pagninilay** | |
| A. Aling bahagi ng gawain ang nagustuhan ng mga bata? Bakit? | |
| B. Alin ang hindi nila gaanong nagustuhan? Bakit? | |
| C. Sa iyong palagay, aling istratehiya sa pagtuturo ang naging epektibo? Bakit? | |
| D. Anong inobasyon/ lokal na materyales ang iyong ginamit sa araw na ito? Ano ang naging reaksyon ng mga bata dito? | |
| E. Anong obserbasyon sa mga bata ang gagamitin mo upang lalo pang mapaganda ang iyong pagtuturo? | |
| F. Nasagot ba ng mga bata ang mga tanong? (Tingnan ang 'Mga Katanungan' pagkatapos ng 'Mensahe'). | |

Inihanda ni: Nebyu ni: Pinagtibay ni:

| Guro | Master Teacher / Head Teacher | School Head |
|---|---|---|

**Apendiks**

**A. Mga Gawaing Kaugnay ng Tema**

**<u>Balangkas ng Katawan Ko</u>**

Layunin: Mabakat at maiguhit ang balangkas ng katawan sa papel;
Matukoy ang iba't ibang bahagi ng katawan

Mga Kagamitan: Manila paper, marker Bilang
ng Kasali: buong klase Pamamaraan:

1. Pahigain ang bata sa ibabaw ng inilatag na manila paper sa sahig.
2. Bawat bata ay hihintayin ang kani-kaniyang pagkakataon na humiga sa bawat manila paper habang ang kaklase o ang guro ay binabakat ang balangkas ng kanyang katawan gamit ang marker.
3. Maaaring guhitan ng mukha, damit, bahagi ng katawan o iba pang detalye ang kanilang balangkas ng katawan.
4. Ipasulat din ang pangalan ng bata sa kanyang balangkas.
5. Maaaring isabit sa sampayan o idikit sa dingding ang mga balangkas ng katawan.

**<u>Ilang Hakbang?</u>**

Layunin: Magamit ang iba't ibang panukat o nonstandard measuring tools gaya ng paa, kamay, tali, bato, blocks, atbp. Mga Kagamitan:
papel na maaaring gawing tsart o talaan, lapis Bilang ng
Kasali: buong klase Pamamaraan:

1. Tanungin ang klase kung gaano kalayo ang pisara sa harap mula sa dingding sa likod ng silid.
2. Alamin ang mga sagot ng mga bata at pag-usapan ang mga ito.
3. Pumili ng kinatawan ng bawat pangkat sa klase.
4. Hayaan ang mga kinatawan ng pangkat na sukatin ang distansya ng pisara sa harap hanggang sa dingding sa likod ng silid gamit ang kanilang hakbang. Itala o isulat ang sukat na makukuha sa tsart.
5. Itala rin ang sukat na makukuha ng guro sa pagsusukat sa distansya gamit ang kanyang hakbang.
6. Subukan pang sukatin ang iba pang lugar sa loob ng silid-aralan gamit ang "hakbang".
7. Pag-usapan ang mga naitalang sukat. Ihambing ang pagkakaiba sa mga nakuhang sukat. Ito ay dahil sa pagkakaiba ng sukat ng hakbang ng bawat isa.
   Tala Para sa Guro: Maaaring gawing takdang-aralin ang katulad na gawain.
   <u>*Takdang Aralin:*</u>
   1. Maaaring i-record ang video habang ginagawa ang gawain ng pagsusukat.
   2. Itala sa notebook ang mga sukat ng mga sumusunod:
      - distansya ng pinto ng bahay (main door) hanggang sa palikuran o CR gamit ang ang "hakbang" ng bata at "hakbang" ng isang nakatatandang miyembro ng pamilya

- sukat ng mesa na kinakainan ng inyong pamilya o dining table gamit ang “dangkal” ng bata at “dangkal” ng isang nakatatandang miyembro ng pamilya

3. Paghambingin ang mga nakuhang sukat ng bata at sukat ng nakatatandang miyembro ng pamilya. Para sa Magulang: Tulungan ang bata sa gawaing ito.

**Measuring My Body**

Layunin: Magamit ang iba’t ibang panukat o nonstandard measuring tools gaya ng paa, kamay, tali, bato, blocks, atbp. Mga Kagamitan: ginawang balangkas ng katawan, inch cubes, table blocks

Bilang ng Kasali: buong klase Pamamaraan:

1. Ilatag sa sahig ang ginawang balangkas ng katawan.
2. Gamit ang blocks, sukatin ang haba ng buong katawan sa pamamagitan ng paglalatag ng mga block sa kabuuang balangkas ng katawan.
3. Isulat ang sukat ng balangkas ng katawan, halimbawa: 10 blocks
4. Maaring isabit sa sampayan o idikit sa dingding ang mga sinukat na balangkas ng katawan.


Tala Para sa Guro: Maaari ring gawin ang gawain gamit ang iba pang non-standard measuring tool tulad ng bato o lapis.

**Proper Handwashing**

Layunin: Maisagawa ang mga wastong hakbang sa paghuhugas ng mga kamay Mga Kagamitan: sabon, tubig, bimpo

Bilang ng Kasali: buong klase Pamamaraan:

1. Papilahin ang mga bata patungo sa lababo o *handwashing facility* ng paaralan.
2. Ipagawa sa mga bata ang mga hakbang sa paghuhugas ng kamay
    - Basain ng tubig ang mga kamay at sabunin.
    - Sabunin ang mga palad.
    - Sabunin ang likod ng mga kamay.
    - Kuskusin ang bawat pagitan ng mga daliri.
    - Kuskusin ang mga kuko.
    - Kuskusin ang pagitan ng mga hinlalaki.
    - Kuskusin nang paikot ang mga dulo ng mga daliri sa magkabilang palad.
    - Banlawang mabuti sa malinis na tubig at patuyuin ang mga kamay gamit ang malinis na tuwalya.



Tala Para sa Guro: Upang mas matandaan ng mga bata ang hakbang sa paghuhugas ng kamay, maaaring gumawa ng katulad na poster ang mga bata. Ipaguhit sa kanila ang mga hakbang. Maaari ring ihanda ng guro ang mga larawan ng hakbang sa paghuhugas ng kamay at hayaan ang mga bata na iayos ang tamang pagkakasunod-sunod ng mga ito.

**Hygiene Checklist (Health Check)**

Layunin: Maisagawa ang iba't ibang gawain sa pangangalaga ng katawan Mga Kagamitan: health checklist, lapis

Bilang ng Kasali: buong klase Pamamaraan:

1. Gagawin ito ng magkapares na bata.
2. Bawat pares ay magpapalitan sa pagsusuri sa kalusugan ng bawat isa sa pamamagitan ng pagsagot sa mga nilalaman ng checklist:
    - nakaligo
    - nakapagsepilyo
    - nakapaggupit ng kuko
    - nakapagsuklay ng buhok
    - nakapagsuot ng malinis na damit o uniporme
3. Hayaan ang mga bata na lagyan ng tsek ✔ ang mga angkop na aytem sa tseklist ayon sa ginawang pagsusuri. Tala Para sa Guro: Maaaring gawing takdang-aralin ang katulad na gawain.

*Takdang-Aralin:*

1. Maaaring i-record ang video habang kinukumpleto ang pagsagot ng katulad na tseklist sa bahay o i-record ang video ng pagsasagawa ng mga hygiene task.
2. Maaaring magdadag ng karagdagang hygiene task na ginagawa sa bahay:
   Halimbawa: nakapaghugas ng kamay bago at pagkatapos kumain nakapaglinis
   ng katawan bago matulog
   nakapagpalit ng damit pantulog Para sa

Magulang: Tulungan ang bata sa mga gawaing ito.

**B. Iba Pang Mga Early Language, Literacy, at Numeracy Activities Feely Box**

Layunin: Matukoy o pangalanan ang mga iba't ibang karaniwang bagay sa paligid (mga kagamitang pangkalusugan at pagpapanatiling malinis ng katawan o hygiene tools);
Maipakita ang kaalaman sa paggamit nang maayos ng mga bagay na ito

Mga Kagamitan: kagamitan sa paglilinis ng katawan: sepilyo, suklay, tuwalya, toothpaste, nail cutter, cotton buds, atbp. na nasa loob ng isang kahon.

Bilang ng Kasali: 5-6 bata Mga

Pamamaraan:

1. Salitan ang bawat bata sa paggawa ng gawaing ito.
2. Bigyan ng pagkakataon ang bawat bata na madama ang mga bagay sa loob ng kahon sa pamamagitan ng pagpasok ng isang kamay sa loob ng kahon nang hindi nakikita o nasisilip kung ano ito.
3. Ipalarawan sa bata ang bagay na kaniyang nahahawakan. Halimbawa: Ito ay malambot. Ito ay maliit.
4. Hayaan ang bata na hulaan ang bagay na kaniyang nahahawakan o nadadama.
5. Maaaring ipaliwanag ng bata kung alam niya ang tamang paggamit ng bagay na ito.

**<u>Playdough: My Body</u>**

Layunin: Makapag-molde ng anyo o hugis ng katawan ng tao gamit ang clay o playdough Mga Kagamitan: playdough o clay

Bilang ng Kasali: 5-6 bata Mga Pamamaraan:

I. Paghahanda ng Guro Bago ang Klase (Maaari ring gawin itong pangkatang gawain)

*Mga Sangkap at Kagamitan:*

| | |
|---|---|
| 2 cups harina | bowl |
| 2 tbsp mantika | measuring cups/spoon |
| ½ cup asin | kutsara o panghalo |
| ¾ cup tubig | |
| food coloring | |

*Hakbang sa Paggawa:*


a. Paghaluin ang harina at asin.
b. Idagdag dahan-dahan ang tubig at mantika sa pinaghalong harina at asin.
c. Haluin gamit ang kutsara o anumang panghalo.
d. Maaaring maglagay ng food coloring kung nais.
e. Masahin ito hanggang sa maging malambot at madali nang imolde.

Tala Para sa Guro: Kung hindi makagagawa ng playdough ay maaaring magpadala na lamang ng nabibiling laruang clay.

II. Pamamaraan ng Gawain:

1. Bigyan ang bawat isang bata ng piraso ng playdough.
2. Hayaan ang bata na makapagmolde ng anyo o hugis ng katawan ng tao gamit ang playdough.
3. Ipatukoy sa bata ang iba't ibang bahagi ng katawan habang ginagawa ang pagmomolde.

**<u>My Sleep Journal (Takdang Aralin)</u>**




Layunin: Matukoy ang oras sa isang araw kung kailan tiyak na ginagawa ang gawain (pagtulog) Mga Kagamitan: booklet na gawa sa tinuping bond paper, lapis, pangkulay

Bilang ng Kasali: 5-6 bata Mga

Pamamaraan:

1. Bigyan ang bawat bata ng tig-iisang booklet.
2. Ipasulat o ipakopya ang mga salitang “My Sleep Journal” sa harap ng booklet kasama ang pangalan ng bata.
3. Maaari ring gumuhit sa booklet ng larawan ng kama, unan, orasan, buwan, bituin, o ang sarili na natutulog.
4. Ipatala sa kanila ang oras ng kanilang pagtulog sa gabi at kung ilang oras ang kanilang tulog. Gawin ito simula Lunes hanggang Huwebes. Tulungan ang bata sa pagbibilang ng oras.
5. Maaaring ipauwi na takdang aralin ang gawain na ito.

Para sa Magulang: Tulungan ang bata sa mga gawaing ito.

**Comparison Chart - “Look at Me”**

Layunin: Maihambing ang mga pagbabago (pisikal na katangian at kakayahan) simula nang sanggol pa lamang hanggang sa kaniyang kasalukuyang edad bilang mag-aaral sa Kindergarten


Mga Kagamitan: bond paper na may hati sa gitnang bahagi; larawan ng bata noong siya ay sanggol pa at ngayon sa kanyang kasalukuyang edad, lapis, glue

Bilang ng Kasali: 5-6 bata Mga Pamamaraan:

1. Ipadikit sa bata ang kaniyang larawan noong sanggol pa sa kaliwang bahagi ng papel at ang kasalukuyang larawan naman ay sa kanang bahagi ng papel.
2. Ipalarawan sa bata ang kanyang sarili sa bawat larawan. Halimbawa: Ipatukoy sa bata ang kanyang tiyak na edad; laki/tangkad; bilang ng ngipin; haba ng buhok; laki ng kamay o paa, atbp.
3. Isulat ang sinasabing paglalarawan ng bata sa kanyang papel.

Tala sa Guro: Kung walang larawan, maaaring ipaguhit sa bata ang kaniyang sarili noong sanggol pa at ngayon sa kaniyang kasalukuyang edad.

**Body Cover All**



Layunin: Maitugma ang mga larawan ng bahagi ng katawan

Mga Kagamitan: body part cover cards, individual body part cards Bilang ng Kasali: 5-6 bata

Pamamaraan:

1. Bigyan ang bawat bata ng cover cards.
2. Pabunutin ang bawat bata ng cards ng larawan ng iba’t ibang bahagi ng katawan.
3. Hayaan silang itugma ang nabunot na card sa kanilang cover cards.
4. Hayaan silang tukuyin o sabihin ang pangalan ng bawat bahagi ng katawan na nabubunot.

**Body Parts Puzzle**

Layunin: Mabuo ang puzzle Mga Kagamitan: puzzle pieces

Bilang ng Kasali: 5-6 bata
Pamamaraan:

1. Bigyan ng isang set ng puzzle ang bawat bata o pares ng bata.
2. Hayaan silang buoin at kompletuhin ang puzzle sa pamamagitan ng:
    - Paghahalayhay paharap ng mga piraso ng puzzle
    - Pagtukoy sa mga pirasong maaaring sa sulok ang posisyon
    - Paghahanap sa mga pirasong magkakapareho ang kulay o pirasong maaaring magkakaugnay
    - Pagkakabit ng mga piraso ng puzzle

**Hygiene Sequence**

Layunin: Matukoy ang tamang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari (before, after, first, next, last) Mga Kagamitan: picture cards

Set A: pagbubuhos ng tubig sa buong katawan, pagsasabon, pagbabanlaw Set B:
pagbabasa ng buhok, paglalagay ng shampoo, pagbabanlaw
Set C: paglalagay ng toothpaste sa sepilyo, pagsesepilyo, pagmumumog Bilang ng
Kasali: 5-6 bata



Set A
Set B
Set C

Mga Pamamaraan:

1. Ipalarawan sa mga bata ang mga nakikita sa bawat set ng picture cards.
2. Ipaayos ang mga larawan ayon sa tamang pagkakasunod-sunod sa pagsasagawa ng mga gawaing pangkalusugan at pagpapanatiling malinis ng katawan.
3. Maaaring tulungan ang mga bata sa pamamagitan ng pagtatanong o paggamit ng mga salitang una, sunod, bago, at pagkatapos.
4. Kapag naisagawa na ng bata ang pag-aayos ng pagkakasunod-sunod ng larawan, hayaan siyang ipaliwanag ang paraang ginawa niya sa pagsunod-sunod ng mga ito.

**Counting Fingers**

Layunin: Maipakita ang konsepto ng pagdaragdag bilang pagsasama ng dalawang set o pangkat (gamit ang mga kongkretong bagay) Mga Kagamitan: number cards 0-5

Bilang ng Kasali: 5-6 bata Mga Pamamaraan:

1. Ang mga bata ay magsasalitan sa pagbunot ng dalawang number card.
2. Ipakikita niya gamit ang kaniyang mga daliri ang katumbas na dami ng nabunot na pares ng number card.
3. Hayaang bilangin ng bata ang mga daliri na katumbas ng pinagsamang bilang sa pares ng number card.

## C. Mga Laro sa Loob at Labas ng Silid-Aralan

**Ilong, Ilong, Ilong**

Layunin: Matukoy ang iba't ibang bahagi ng katawan; Makinig nang mabuti at makasunod sa mga panuto

Mga Kagamitan: wala

Bilang ng Kasali: buong klase Mga Pamamaraan:

1. Sasabihin ng guro "Ilong, ilong, ilong, ilong, ilong" (habang hinahawakan ang kanyang ilong) at gagayahin siya ng mga bata.
2. Sa mga susunod ay magsasabi ang guro ng ibang bahagi ng katawan (halimbawa: "mata") ngunit ang hahawakan niya ay hindi mata (halimbawa: noo) upang lituhin ang mga bata sa pagsunod.
3. Titingnan ng guro kung sino ang nakahawak sa tamang bahagi ng katawan na kanyang sinabi.
4. Ituturo naman ng guro ang tamang bahagi sa mga batang mali ang hinawakan.
5. Maaari ring paupuin muna ang mga batang mali ang hinawakan o itinurong bahagi ng katawan. Ang natitirang manlalaro ang siyang tatanghaling panalo.

Tala Para sa Guro: Maaaring tumawag ng bata na magiging lider na siya namang magsasabi ng mga pangalan ng bahagi ng katawan.

**Ankle Walk**

Layunin: Nagagamit ang mga kilos lokomotor sa pag-eehersisyo; Maipakita ang iba't ibang kilos o galaw gamit ang mga bahagi ng katawan Mga Kagamitan: wala

Bilang ng Kasali: buong klase Mga Pamamaraan:

1. Papilahin ang mga bata sa isang bahagi ng silid-aralan.
2. Ipasubok sa mga bata kung maabot nila ang kanilang bukong-bukong habang naka-squat.
3. Palakarin sila sa ganitong posisyon mula sa kanilang kinalalagyan hanggang sa itinalagang hangganan.

**Simon Says**

Layunin: Makinig nang mabuti at makasunod sa mga panuto Mga Kagamitan: wala

Bilang ng Kasali: buong klase Mga Pamamaraan:

1. Hatiin ang klase sa dalawang pangkat. Iayos nang pabilog ang bawat pangkat.
2. Pansamantalang magtalaga ng "Simon" sa bawat pangkat at patayuin siya sa gitna ng bilog.
3. Magbibigay siya ng mga utos tulad ng "Hawakan ang ilong," "Hawakan ang mata," at iba pa.
4. Ang utos ay maaring pangunahan o hindi ng mga salitang "Simon Says." Hindi dapat sundin si "Simon" kapag ang utos ay walang pang-unang salitang "Simon Says". Halimbawa: "Hawakan ang leeg." (Hindi dapat sundin.) "Simon Says, hawakan ang leeg." (Sundin

ito.)

5. Maaring ibang bahagi ng katawan ang hawakan ni “Simon” kaysa sa kaniyang sinasabi upang lituhin ang mga bata.
6. Ang batang magkamali ang magiging bagong “Simon.”

**<u>Mga Larong Pilipino</u>**

Layunin: Maipakita ang iba’t ibang kilos o galaw gamit ang mga bahagi ng katawan; Makinig nang mabuti at makasunod sa mga panuto; Maipakita ang pagpapahalaga sa maayos na pakikipaglaro

Mga Kagamitan: tiyak na gamit para sa larong gagawin, halimbawa: chalk at pamato para sa Piko; pangguhit sa sahig para sa Patintero Bilang ng Kasali: buong klase

Mga Pamamaraan:

1. Bumuo ng pangkat o grupo ng manlalaro.
2. Ipaliwanag ang panuto ng laro.
3. Ihanda ang mga gamit na kakailanganin sa laro kung mayroon man.
4. Hayaan ang mga bata na sundin ang paraan ng paglalaro ng larong Pilipino na kanilang napili.

**D. Mga Kanta at Tula**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **<u>Ikot-ikot</u>**<br>Ikot-ikot, ikot, ikot<br>ikot,ikot,<br>Hila, hila Pok,<br>pok, pok<br><br>Gupit ng gupit At<br>tahi ng tahi<br>Gupit ng gupit at<br>tahi ng tahi<br>(repeat first stanza)<br>* have them sing the song using a normal pitch<br>* try using a high pitch<br>* try using a low pitch<br><br>**<u>Head, Shoulders, Knees and Toes</u>**<br>Head, shoulders, knees and toes Knees and toes<br>Head, shoulders, knees and toes Knees and toes<br>Eyes and ears and mouth and nose<br>Head, shoulders, knees and toes Knees and toes | **<u>Paa, Tuhod, Balikat, Ulo</u>** Paa, tuhod, balikat, ulo (3x) Magpalakpakan tayo.<br><br>**<u>Sampung mga Daliri</u>**<br>Sampung mga daliri Sa<br>kamay at paa.<br>Dalawang tainga,<br>Dalawang mata, Ilong na<br>maganda.<br>Malilinis na ngipin,<br>Masarap ikain.<br>Dilang maliit nagsasabing, Huwag<br>kang magsinungaling.<br><br>**<u>This is the Way</u>**<br>This is the way I wash my hands, Wash my hands, Wash my hands This is the way I wash my hands, Early in the morning.<br>* wash my face<br>* comb my hair<br>* fix my shirt<br>* take a bath<br>* scrub my knees<br>* brush my teeth | **<u>Hokey Pokey</u>**<br>Put your right hand in. Put your right hand out. Put your right hand in. And shake it all about. And do the hokey pokey<br>And you turn yourself around<br>That's what it's all about.<br>Change right hand with:<br>left hand, right foot, left foot, head, body<br><br>**<u>Kanang Kamay</u>**<br>Kanang kamay Sa<br>harap ilagay<br>Kanang kamay sa likod<br>Kanang kamay<br>Sa harap ilagay<br>Kumendeng-kendeng at<br>umikot-ikot<br><br>Baguhin ang kanang kamay nang:<br>kaliwang kamay, kanang paa,<br>kaliwang paa, ulo, buong katawan | **<u>Mag-Ehersisyo Tayo</u>** ni<br>L. Cruz Nicolas (Aklat<br>Adarna, 1981)<br>Isa, dalawa Tayo'y mag martsa Tatlo,<br>apat<br>Kamay sa harap, kamay sa itaas Lima,<br>anim<br>Magpakendeng-kendeng Pito,<br>walo<br>Ikiling sa kanan at kaliwa ang ulo Walo,<br>pito<br>Tumalon-talon, lumukso-lukso<br>Anim, lima, Abutin ang paa Apat<br>tatlo, Bilisan ang takbo Dalawa Isa,<br>Lumakad muna Isa, dalawa, taltlo,<br>apat<br>Itaas-ibaba ang mga balikat Lima,<br>anim, pito,walo<br>Isuntok ang kamao, iwasiwas ang braso<br>Walo, pito, anim, lima<br>Lumiyad-liyad, habang humihinga Apat,<br>tatlo, dalawa, isa<br>Maupo at tumayo at tumigil muna |